



**CEMENT GRINDING PROJECT**

1.2 MILLION METRIC TONS PRODUCTION PER YEAR  
AJUY, ILOILO

<b>1. Buod ng Impormasyon Tunkol sa Proyekto</b>	
Pangalan ng Proyekto:	Cemphil Cement Grinding Project
Uri ng Proyekto:	Pag pro-processo ng hindi metal na mineral
Pangalan ng May-aring Kompanya:	Cemphil, Inc.
Lokasyon ng Proyekto:	Sitio Punta Daku, Barangay Bay-Ang, Ajuy, Iloilo, Isla ng Panay Island
Address ng Opisina:	86 Commission Civil St. Jaro, Iloilo City, Iloilo, Panay Island
Kakayanan ng Proyekto	<p>Pag-gawa ng 1,200,000 metro tonelada ng semento kada taon</p> <p>Phase 1: 600,000 metro tonelada (mt) sa unang taon</p> <p>Phase 2: Karagdangang 600,000 mt/tuwing taon, mula sa ikatlong taon ng pagpapatakbo</p> <p>Pribadong lupang kakalagyan: 6.1051 ektarya</p> <p>Lupang ma takpan ng kagamitan sa produksyon at kakailanganin para trabaho at pag maneobra ng mga ekwipo: 4.5 ektarya</p> <p>Lawak ng inaplayan na kasunduan sa Gobyerno sa pag-gamit ng baybayin para sa Pier: 0.97 ektarya</p> <p>Laki ng Pier: 3,069 metro kwadrado o 0.31 ektarya</p> <p><b>Kabuohang lawak ng ina-aplyan ng Sertipiko ng Pagtalima sa Kalikasan (Environmental Compliance Certificate o ECC): 7.0751 ektarya</b></p> <p>Sonang pag-iingat ng karagatan: 3.515 ektarya (Limampung metro mula dalampasigan papuntang dagat, palibot ng kinalagyan ng Proyekto)</p>
Mga Bahagi ng Proyekto	<ul style="list-style-type: none"> <li>❖ 1 Pier na may 306 metro-kwadrang tambak-batong daanan na may tagusan ng tubig-dagat sa ilalim, may karugtong 99 metrong tulay papuntang pantalan at 2,025 metro kwadrang pantalan</li> <li>❖ 4.6 ektaryang bodega para sa materyales</li> <li>❖ 2 saradong conveyor, 1 mulang pantalan papuntang bodega, 1 mula bodega papuntang pagawaang Planta</li> <li>❖ 4 na silo para pag imbakan ng semento</li> <li>❖ Kagamitan at makinarya sa pag giling, pag sako at pag karga ng semento sa mixer trak</li> </ul>
Mga Pamaraan sa Pamamahala ng Polusyon	<ul style="list-style-type: none"> <li>❖ Mga de-koryenteng salaang supot naka kabit sa bawat ma-alikabok na ekwipo at pagawaan. Pang kalahatan kapasidad mag pa agos ng hangin ay 177,520 metro kubikong kada oras</li> <li>❖ Mga canal at 7 settling ponds may kabuohang kapasidad para mag ipon ng 8,085 metro kubikong tubig.</li> <li>❖ 5 taga sala ng langis sa tubig ulan bago ito ipa agos sa dagat, bawat isa ay may laking 5 metro kubiko</li> <li>❖ Pag papa tatag ng gilid ng burol sa pamaraan ng hagdan-hagdang pag ayos at pagtanim at shotcrete</li> <li>❖ Pag tanim ng 10 ektaryang bakawan kada taon sa loob ng 25 taon at pag iingat neto sa 25 taon pang kasunod o habang gumagana ang Planta</li> </ul>



**CEMENT GRINDING PROJECT**

1.2 MILLION METRIC TONS PRODUCTION PER YEAR  
AJUY, ILOILO

<b>1. Buod ng Impormasyon Tunkol sa Proyekto</b>	
	❖ Pag iingat ng paligid na baybayin sang ayon sa umiral na batas
Mga Gagawin ng Proyekto	<p><b>Phase 1 Stage 1 Konstruksyon:</b> Paggawa ng mga kanal at panabing upang huwag dalhin sa dagat ang lupa ng tubig ulan; paggawa ng drainage, pag hahanda ng lupa, pag papatag at pagpapa tataas ng ng lupa para di ito abutin ng pag taas ng dagat sa malakas na bagyo, pag aayos at pag papatibay ng burol, pag tatayo ng mga bodega, konstruksion ng pier at mga konbeyor. Gagawin sa unang 8 buwan na konstruksion</p> <p><b>Phase 1 Stage 2 Konstruksyon:</b> Pag tatayo ng gilingan ng semento para sa produksyon ng 600,000 toneladang semento bawat taon kasama na ang bahay-gilingan, mga pang giling na ekwipo, 2 silo pag iimbakan ng giniling na semento, ang packhouse at makinaryang pang supot ng semento at pang karga sa mga trak; Pag tayo ng opisina, laboratoryo, pa-ayusan ng mga makinarya, at pag papatakbo ng buong systema: 10 buwan</p> <p><b>Phase 2:</b> Pag tatayo makinarya para sa karagdagang 600,000 toneladang semento produksyon bawat taon: Karagdagang pang-durog ng semento at 2 pang karagdagang silo na pag lagyan ng semento tag 1,000 tonelada bawat isa.</p> <p><b>Hindi kabilang ang pag k-kwari o pag gawa ng clinker sa Proyekto</b></p>
Iba pang karapatan upang itayo ang Proyekto	<p>Titulo ng pag mamay-ari ng lupang pagtatayuan ng Planta</p> <p>Kwalipikasyong ng Cemphil, Inc. na makaka tanggap ng pang-samantalang pahintulot mula DENR sa maayos at malingap na pag gamit ng baybayin habang and ina applayang “Kasunduan sa Pag-gamit ng Baybayin” (o Foreshore Lease Agreement) o ay pinoprocesso pa ng Gobyerno (ayun sa DENR Community Environment and Natural Resources Officer (CENRO))</p>
Taong Kausapin kung may katanungan	Stephen Pol Buenconsejo, Presidente <a href="mailto:admin@cemphil.com">admin@cemphil.com</a>
Nag Handa ng Pagaaral Hingil sa Epekto sa Kalikasan ng Proyecktong Ito:	<p>Teodora H. Salvador, EnP. Envitech Environmental Management Consultancy Services 5 Joshua St. Filinvest Heights, Bagong Silangan, Quezon City 1119 (02) 961-6600; 0916 708-9835 in partnership with Environmental Professionals and Associates (EPA) Engr. Cesar S. Siador, Jr., Environmental Quality Management Specialist Unit 1-C-12, Bahay Caridad, Bayani St. Brgy Doña Imelda, Quezon City +639202377070</p>

**2. Summary Project Description**

Ang Proyekto ng Cemphil na pag giling ng clinker, gypsum at pozzolan ay gagawa ng sementong sang ayon sa Philippine National Standard for Portland and Pozzolan Cement, gamit ang tuyong pamamaraan. Ang Proyekto ay itatayo sa 6 na ektaryang mabato, bahagyang pa-akyat at walang papanim na pribadong lupa



## CEMENT GRINDING PROJECT

1.2 MILLION METRIC TONS PRODUCTION PER YEAR  
AJUY, ILOILO

sa Sitio Punta Daku, sa Barangay Bay-ang, Bayan ng Ajuy, Iloilo. Ang pook ay napalibutan ng Canal Bay sa kanyang timog-kanluran na hangganan, at the Guimaras Strait sa kanyang timog-silangang bahagi. Ang Proyekto kalakip ang 1 pier na may 306 m<sup>2</sup> metro-kwadradong tambak-batong daanang karugtong ng 99metrong tulay papunta sa 2,025 m<sup>2</sup> pantalan. Ang mga sankap ng produksyon ay hahango-in mula sa ibang lugar at idaan sa pantalan papunta ng Planta. Ang clinker at gypsum ay I aankat mula sa ibang bansa at ang pozzolan ay manggagaling sa Bicol. Ang Cemphil ay aambag sa ating kakayanan gumawa ng sariling semento para sa mga programa ng Gobyerno at mga pribadong konstruksion. Ito ay lilikha ang trabaho, pangunahin para sa mga manggagawa ng Ajuy at mga karatig-bayan. Ang Proyekto ay makaka likha ng pag-kukunan ng tulong para sa pag pa buti ng buhay ng sambayanan ng Ajuy. Ito ay ina-asahang maka tawag-pansin at makahikayat ng ibang mamumuhunan na magtayo ng mga pagawaan at establimento sa Ajuy Economic Development Zone na programa ng Municipyo ng Ajuy, upang palakihin ang ekonomiya ng Ajuy. Ang bahagi ng inaagkat ng probinsya ng Iloilo at Negros Occidental na semento mula ibang bansa ay maari nang palitan ng produkto ng Cemphil. Makaka menos ang bayan ng pag labas ng dolyar na bayad sa imported na semento. Makaka likha din ng trabaho itong Proyekto. Mag dudulot ng buwis para sa Gobyerno at mas mabuting gamit para sa mabato at bulubunduking lupang walang gamit nang matagal na panahon.

### 3. EIA Process Documentation

Ang mga ekspertong gumawa ng pananaliksik at pagaaral ng epekto ng Proyektong ito sa kapaligiran ay ang mga sumusunod:

**Table 1 The EIA Study Team**

EIA team member	Field of expertise / Module
Teodora Haresco-Salvador	Puno ng Kuponan. Pagpapalano ng Pamamahala ng Kapaligiran, Pagtatasa ng Paggamit ng Lupa at Pag-unlad ng kataohan sa paligid ng Proyekto
Alan Salvador	Pagtatasa ng Kalidad ng Tubig, Mga Batong Hydrogeology and Hydrology
Nazario Sabello	Kalidad ng Hangin
Katherine Escalona-Sanchez	Ekolohiya ng Karagatan
Victor Valderrama	Surbey ng Mga Halamang Terestriyal
Wencelito Hintural	Surbey ng Mga Hayop na Terestriyal
Beatrix Labrador Borja	Pagpapalano ng Pamamahala ng Kapaligiran,, Tagabuo ng Panulat ng Pag-aaral ng Kuponan.
Cesar S. Siador, Jr.	Paunang Pagrepaso ng Panulat

### 4. The EIA Process and Schedule

Ang pagaaral hinggil sa epekto ng Proyekto sa kapaligiran ay nag umpisa noong Mayo 2019, at sa kabuohan ay katumbas ng 6 na buwan. Ang pag buo at ulat ng mga natuklsan ng kuponan ay natapos ng 2 buwan. Ang pandemya at kahirapan tungkol sa pag apply ng Kasunduan sa Paggamit ng Baybayin (Foreshore Least Agreement) para sa Piantalan ay nagpatagal ng pag ayos ng Cemphil ng mga pangangailangan para ma buo ang aplikasyon ng ECC. Ang mga ginawa, pamamaraan at panahon ng mga pagaaral ay naka saad sa Table 2 sa ibaba.



**Table 2 Pagtatasa ng Epekto ng Cemphil Cement Grinding Projek sa Kapaligiran at Kalikasan, Mga Paraang Ginamit at Panahon ng Pagaaral**

Modyul	Baseline	Metodolohiya ng Pagtasa	Umpisa at Huling Araw ng na Pag aaral
Lupa	Topograpiya, Gamit, Klasipikasyon, Pananim, Uri at Pagguhong ng Lupa	Gamit ang impormasyon galling sa geodetic survey, pag iinterbyu ng mga mhalagang tao (KII), pag-gamit ng datus ng Opisina ng Kalupaan at Pamamahala ng Tubig (BSWM), datus galling sa Comprehensive Municipal Land Use Plan ng Ajuy, Aerial pagkilala ng pook gamit ang video na kuha ng drone, GIS mapping, pag aanalisa ng mapang hango sa kuha ng drone at pag gamit ng mapang galling sa kuha ng satellite, galling sa NAMRIA hingil sa mga gamit ng kalupaan. Ang pag tasa ng dalusdos ng lupa ay gamit ng modified Universal Soil Loss Equation na ginagamit ng (BSWM).	Mayo 14-hanggang Disyembre 15, 2019
	Geolohiya, Geomopolohiya at Mga Peligro dahil sa uri at katangian ng geolohiya ng pook	Datus galling sa NAMRIA Ready (Geohazard) Projek, KII, pag gamit ng datus mula sa pag babarena ng lupa hanggang 40 metro pa- ilalim.	Hunyo 1 hanggang Hulyo 5, 2019
	Biyolohiya ng Pook na Nauukol sa Lupa	Pag susurbey at pagkuha ng pagkakakianlan ng mga halaman gamit ang kwadrat sampling at surbey ng mga kahayupan gamit ang transekt walk, mist net at mga patibung sa panghuhuli ng kayop,	Mayo 14 hanggang Hunyo 30, 2019
Tubig	Likas na mga daanan ng tubig, Batong may tangan na tubig, balance ng tubig, kalidad ng tubig, ecolohiya ng karagatan, oceanograpiya	Pag gamit ng datus hinggil sa mga bato, batong may kinalaman sa tubig sa ilalim ng lupa mula sa Mines and Geosciences Bureau, datus mula sa Municipal Coastal Resources Management Plan ng Ajuy, pag aanalisa ng balance ng pag gamit ng tubig gamit ang datus ng normal na ulan mula sa PAGASA at pormula ng “Soil Moisture Balance”; Pagkuha ng sample ng tubig dagat at pag analisa sa laboratoryong kinikilala ng Environmental Management Bureau, Pananaliksik sa dagat gawa ng manta tow at pag sisid sa Dagat, pag aanalisa macro-benthos sa laboratory, pag aaral ng alon, galaw ng Dagat, pag kalat ng mapinong lupang inagos sa Dagat ng Projekt gamit ang Delft3D modeling suite gawa ng Deltares	Julyo 5 hanggang Enero 5, 2020



**CEMENT GRINDING PROJECT**

1.2 MILLION METRIC TONS PRODUCTION PER YEAR  
AJUY, ILOILO

Modyul	Baseline	Metodolohiya ng Pagtasa	Umpisa at Huling Araw ng na Pag aaral
Hangin	Klima, Meteorolojiya at Kalidad ng Hangin	Pag gamit ng datus mula sa PAGASA, KII, 24 horas na pag kuha ng sample ng hangin sa 2 Purok 4 and 1 gamit ang High Volume Sampler at pag analisa sa laboratoryo ng kasalukuyang dami ng alikabok sa hangin, pag sagawa ng imbentaryo ng ibubugang polusyon mula sa mga ekwipo at pag gawa sa Proyekto gamit ang emission factors ng USEPA AP42, pag imbentaryo ng Carbon at Katumbas na Carbon sa usok ng mga Generator gamit ang emission factors ng United Nations International Climate Change Commission, at pag tasa ng ikakalat na alikabok ng Proyekto alinsunod sa EMB MC 2008-003: Guidelines for Air Dispersion Modeling gamit ang AERMOD software ng USEPA.	Mayo 2 hanggang Disyembre 23, 2019
Tao	Pag kuha ng opinyon ng Publiko, Kaisipan ng ibat-ibang Sector at Mga Local na Pamunuan sa Ajuy, Kalagayang pang ekonomiya at ang pangtao ng mga direktahang maaapektohan ng ma apektohan ng Proyekto; Paano ang Pag tanggap ng local na populasyon ng Proyekto	Pakikipag usap, pag bigay ng impormasyon at pakikipag talakayan sa mga Kinatawan ng Edukasyon, Kababaehan, Mga Mangingisda at mga Pamunuan ng mga Barangay at Karatig Pook ng Poyekto; Pag sagawa ng Public Scoping, mga interview at pakikipag usap sa mga ulo ng mga direktahang maaapektohan na Pamilya upang ma ipon ang impormasyon tungkol sa kanilang kalagayang pang ekonomiya at ang pangtao  Pag gamit ng datus mula sa Municipal Comprehensive Land Use Plan, sa Coastal Resource Management Plan ng Ajuy, ng Census of Population and Households and Statistical Tables ng Philippine Statistics Authority at ambag na datus mula sa Barangay Bay-ang, Barangay Luca at Barangay Pedada mg Ajuy.	Mayo 14 hanggang Enero 10, 2020

**5. Public Participation**

Ang pakikilahok ng publiko sa pag tatasa ng epekto sa kapaligiran ng Projek ng Cemphil, Inc. ay kinuha sa pamamaraan ng pagbibigay impormasyon tungkol sa Projekt ng Cemphil at pakikipagtalakayan sa mga



**CEMENT GRINDING PROJECT**

1.2 MILLION METRIC TONS PRODUCTION PER YEAR  
AJUY, ILOILO

kinatawan ng sector ng Edukasyon, Kababaehan, ng mga Mangingisda, at mga Pinuno ng mga Barangay ng Ajuy at pag kuha ng kanilang paunang kaisipan at reaksyon tungkol sa Cemphil Project. Nagsagawa din ng 100% surbey ng mga maapektohang pamilya tungkol sa kanilang demograpiya, mga anak, kalusugan, kabuhayan, kakayanang sa hanap buhay at pag tanggap ng posibilidad ng kanilang paglipat ng tahanan dahil sa Project. Nag daus ng Public Scoping sang ayun sa mga patakaran sa ilalim ng DAO 2017-15, at patuloy na kikipag-usap sa mga apektadong pamilyang tungol sa kanilang lilipatan, sa paglilipat at alternatibong kabuhayan. Ang mga petsa ng pakikilahok ng publiko at ng mga stakeholder sa pag hahanda ng Proyektong ito upang maiwasan ang hindi kanais nais na maaring mangyari ay naka saad sa Table 2.

**6. Buod ng mga Alternatibong Pinag-isipan para sa Proyekto**

<b>Alternatibo</b>	<b>Pangunahing Epekto sa Kalikasan</b>	<b>Pagtatasa at Desisyon</b>
Teknolohiya at Processo:  Pag gawa ng semento kasama ang pag luto ng clinker	Nag dadala ng matinding polusyon ng hangin ang pagluluto ng clinker	Hindi pinili ng Cemphil ang mausok at ma polusyon na paraan ng pag gawa ng semento dahil mahirap ito mabigyan ng ECC ng DENR. Mas matagal din ang pag tayo neto.
Pag pili ng lokasyon ng Proyekto	May malaking bahura sa unang nakitang maaring pag lalagyan Proyekto sa Barotac Viejo  Ang Mayor ng Ajuy ay aktibong nang eenganyo ng mga mamumuhunan sa Ajuy, upang makalikha ng kabuhayan at pag unlad ng Bayan. Biniguan ng garantiya ng buong suporta ng Gobyernong Local ang Cemphil upang ito ay makaka pag umpisa nang maaga.  Ang kinalalagyan ng lupang maaring ma ay pinapalibutan ng burol at bundok	Ayaw ng Cemphil makasira ng bahura dahil ito ay pag labag ng batas.  Ang Ajuy ay napili dahil sa malalim na bahagi ng dagat sa Punta Daku, Barangay Bay-ang, na mainam pag tayuan ng Pier at walang masisirang bahura sa lugar.  Ang burol at bundok ay silbing tabing upang ang ingay at ligaw na alikabok ng Pabrika ay may harang at hindi masyadong aabot sa karatig na kabayanan.
Mga sangkap	Ang pag gamit ng dyipsum na gawa ng tao sa halip ng pag gamit ng mininang dyipsum	Walang negatibong epekto sa kapaligiran ang pag gamit ng dyipsum na gawa ng tao. Sa halip, ito ay makaka tulong sa kapaligiran dahil ito ay basura mula sa ng ibang industri





**CEMENT GRINDING PROJECT**

1.2 MILLION METRIC TONS PRODUCTION PER YEAR  
AJUY, ILOILO

Alternatibo	Pangunahing Epekto sa Kalikasan	Pagtatasa at Desisyon
	Ang pag babawas ng pag gamit ng tubig mula sa lupa, sa halip ay iipon ng tubig-ulan	Hindi masagana sa sariwang tubig ang Ajuy. Ang pag ipon at gamit ng tubig ulan para sa pang linis, pag pigil ng pag kalat ng alikabok at pandilig ay makaka iwas ng pakikipag agaw ng tubig sa karatig pook.
Hindi mag tutuloy ng Proejkt	Walang pag pagbago sa kalidad ng hangin, walang sanhi ng karagdagang polusyon ng tubig dagat, walang sanhi ng traffic at walang sanhi ng banta sa kaligtasan sa daan. Ang dalusdos ng lupa mula sa burol papunta sa Dagat ay mag papatuloy, patuloy sa pagdaragdag ng coral reef siltation in Bay-ang and Pedada coastal areas.	Kawalan ng halagang <b>PhP 80 trillion</b> mula sa mawawalang bayad sa mga local na bahagi ng pag tayo ng planta, mawawalang trabaho, mawawalang ambag sa tulong pang tao na mga ibibigay ng Proyekto, mawawalang buwis para sa Gobyernong Nasyonal. Hindi pa kasale dito ang mawawalang import excise tax collections, tataas na real estate tax, mga benepisyo ng mga magagawa sa Proejkt, mga pag kakataon ng taga Ajuy at karatig pook na mag negosyo ng mas mababang presyo ng semento, yung halaga sa Gobyerno at tao ng mas maaasahang supply ng semento para sa mga gagawing imprastructura, bahay, pamilihan at mga gusali. Itoy tinasa mula sa 50 anyos na tinatayang buhay ng Proyekto.

**7. Buod ng Mahahalagang Isyu at Pag-aalalang Pinagusapan sa Public Scoping at Kung Anu-Ano ang Sagot ng Proyekto sa mga Binanggit Isyu at Pag aalala**

EIA Modyul	Isyu at Suhestion ng Stakeholder	Sector or Kinatawagang nag Banggit ng Isyu	Sagot sa Isyu
1. Lupa	Saan ninyo itatapon ang basura.	Ms. Precy Santamina, BHW, Purok 7, Bay-ang	Ang Proyekto ay mag aangat nang na'proseso na materyales na handing gilingin na lang para



**CEMENT GRINDING PROJECT**

1.2 MILLION METRIC TONS PRODUCTION PER YEAR  
AJUY, ILOILO

EIA Modyul	Isyu at Suhestion ng Stakeholder	Sector or Kinatawang nag Banggit ng Isyu	Sagot sa Isyu
			lumikha ng semento. Walang naiwan na basura sa materyales. Ipatatupad sa Proyekto ang “Zero-Waste” na patakaran.
2. Tubig	Pagka epekto nang Polusyon sa local na tubig.	Noel Cantancio, Resident of Purok 6	Ang Proyekto ay walang nailalabas na makakapag epekto sa lokal na pinagmumulan nang tubig.
3. Hangin	Posible magdulot nang masamang epekto sa kalusugan ang polusyon sa hangin.	Noel Cantancio, Resident of Purok 6	Ang CEMPHIL ay mag lalagay nang wastong kagamitan para iwasan ang pag lampas ng polusyon sa pamantayan nang Gobyerno. Ang Kompanya ay magbibigay nang gamot at iba pang mga serbisyong pang-kalusugan sa Barangay Bay-Ang at mga nalalapit na Barangay, kahit hindi ito ang sanhi ng mga karamdaman.
	Mga Planta nang Semento tulad nang nasa Iligan City, ay kailangan magtayo nang wastong kagamitan para mabawasan ang polusyon sa hangin. Ang mga mamamayan ay maaring tumulong sa pag sugpo ng polusyong sa paraan ng pagtanim nang mga punong kahoy. Ang mga Pabrika ay nabibigay trabaho sa tao, nagbabayad ng buwis, nag dudulot ng mga benepisyong ekonomiya.	Prof. Basinang, DEP-ED District Supervisor, Bay-ang	Ang disenyo ng mga ekwipo at gusali sa pagawaan ng CEMPHIL ay may kasamang mga “Air Pollution Control Installations” (APCI) na nakakatugon sa pamantayan nang “Philippine Clean Air Act” or R.A.8749 o Batas Ukol sa Kalinisan ng Hangin.  Isang “Multipartite Monitoring Team (MMT)” na bubuohin ng mga Kapitan ng Barangay, ng mga kinatawan ng local na NGO atbp ay mag uusap tuwing 3 buwan dito sa Ajuy. Sila ay mga kasapi sa papatupad ng batas pang kalikasan at maari ninyong idulog ang mga hinaing at reklamo sa MMT upang ma aksyonan ng EMB.
4. Tao	Ano ang mangyayari sa mga lilikas mula sa mga	Roger Claro (project affected person)- Brgy Bay-ang	Nakipag usap ang Cemphil sa Pamahalaang Bayan ng Ajuy, na syang mag eendorso sa





**CEMENT GRINDING PROJECT**

1.2 MILLION METRIC TONS PRODUCTION PER YEAR  
AJUY, ILOILO

EIA Modyul	Isyu at Suhestion ng Stakeholder	Sector or Kinatawang nag Banggit ng Isyu	Sagot sa Isyu
	<p>tirahan sa loob ng “Project Site”?</p> <p>Ang lugar na malilipatan ay dapat lamang na malapit sa dagat at sa noong tinirhan nang mga lumikas. Libre ba ang pabahay para sa mga lumikas?</p>	<p>Noli Laraga, Brgy Bay-ang</p>	<p>NHA, na tulungan ang mga nakatira sa Lot23 makasama sa listahan ng ng bibiyan ng pabahay ng NHA dahil sila ay mga nakatira sa dalampasigan na nasa peligro nang bagyo. Ang proyektong ito ng Gobyerno sa pamaraan ng NHA ay walang bayad.</p> <p>May karagdagang Php50,000 tulong pang’kabuhayan na ibibigay ang CEMPHIL para sa bawat tahanan.</p>
	<p>Maaari ba kaming humiling ng isang gusaling paaralan na may anim (6) na silid aralan?</p>	<p>Ms. Janet Academia, Principal, BTMES, Bay-ang</p>	<p>Kapag ang Proyekto ay tumatakbo na, ito ay magiging prayoridad nang CEMPHIL.</p>
	<p>Ang proyektong ito ay tila ka-paki’pakinabang sa mga local na tao. Ngunit, paano kung masamang ang magiging epekto, tulad nang ika-sasama nang kalusugan dulot nang polusyon?</p>	<p>Marlin Calera, Brgy Culasi.</p>	<p>Walang inaasahang malubhang epekto na madudulot ang Proyekto, base sa isinumite listahan ng mga ekwipo, mga paraan ng pag gawa, mga air pollution control installations at pangakong pag tatalima sa mga panuntunan ng Gobyerno hinggil sa pangangalaga ng kalisasan.</p> <p>Magkakaroon ng regular na pag uusap “Multipartite Monitoring Team” (MMT) (tuwing ikatlong buwan), at sa tulong ng Environmental Management Bureau Region 6, matutugunan ang mga problema sa polusyon bago pa ito lumala. May kapangyarihan ang Gobyernong ipa hinto ang pag gawa at pag bayarin ang Cemphil para sa mga pinsala ng kanyang kagagawan.</p>



**CEMENT GRINDING PROJECT**

1.2 MILLION METRIC TONS PRODUCTION PER YEAR  
AJUY, ILOILO

EIA Modyul	Isyu at Suhestion ng Stakeholder	Sector or Kinatawang nag Banggit ng Isyu	Sagot sa Isyu
	Maari bang mangisda ang mga tao malapit sa Projekt?	Noli Laraga, Purok 6, Punta Daku	Ang lugar ng Canal Bay at Pedada Bay ay na sa ilalim ng “No Take Zone” ayon sa Municipal Coastal Resource Management Plan.
5. Biodiversity	<p>Meron bang posibilidad na ang Proyekto ay mag dudulot ng ikalalason nang mga isda or ikasisira ng yamang Dagat?</p> <p>Pangangalaga nang mga tubig yaman nang Bay-Ang, sa ilalim nang kasalukuyang panukala at hinaharap na paglalawak nang operasyon.</p>	Kagawad Villaret, Brgy Culasi	<p>Ang Proyekto ay hindi gagamit ng kemical sa pag giling ng semento at walang itatapon ng tubig sa Dagat maliban ang nasalang tubig bagyo.</p> <p>Para sa mga yamang-dagat, gagamit ng malalaking bato sa mga strukturang mapapasailalim ng Dagat upang maka likha ng karagdagang tahanan para sa mga batang alimasag.</p> <p>Walang balak ang Proyekto na magpalawak patungo sa dagat.</p>
	Pagmamamanman ng mga posibleng masamang epekto nang Proyekto sa tubig yaman.	Sandra Tupas-Dilag, Brgy. Santiago, Barotac Viejo	Magsasagawa ang Cemphil ng taunang pagbabantay at pag tatasa ng yamang Dagat sa tulong ng marine biologist. Ang mapag alaman ay iuulat sa MMT.

**8. Buod ng mga Pangunahing Epekto at Layuning Antas ng Pagpapatupad ng Pangangalaga ng Kapaligiran**

Gawain	Maaring Epekto sa Kalikasan	Pagaalaga	Layuning Antas ng Pagpaapatupad
<b>Bago mag sagawa ng Konstruktion</b>			
Paghahanda sa lugar	Pag-alis ng 24 na pamilyang impormal na naninirahan sa lokasyon ng Cemphil	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagpapatira sa NHA Housing Project</li> <li>• Tulong sa transportasyon</li> <li>• Pagkakaloob ng tulong pangkabuhayan</li> </ul>	100% ng pamilyang apektado ng proyekto ay mabibigyan ng bagong tirahan at PhP 50,000 bilang tulong sa kabuhayan
Paghahanda sa proyekto	Walang epekto sa kapaligiran. Ngunit, ang mga paghahanda upang siguruhin ang <i>environmental</i>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Paglangkap ng mga probisyon upang sumunod sa <i>environmental management</i></li> </ul>	Ang mga kagamitan at pasilidad ng proyekto at mga gawaing sibil ay dinisenyo at itinayo upang matugunan ang



**CEMENT GRINDING PROJECT**

1.2 MILLION METRIC TONS PRODUCTION PER YEAR  
AJUY, ILOILO

Gawain	Maaring Epekto sa Kalikasan	Pagaalaga	Layuning Antas ng Pagpaapatupad
	<p><i>compliance</i> ay kailangang ipatupad sa yugto na ito</p>	<p><i>commitments</i> at paglakip ng mga kundisyon ng ECC sa mga pagtutukoy ng <i>Tender documents</i> na ibibigay para sa disenyo ng mga kagamitan at pasilidad, at konstruksyon ng planta.</p>	<p>100% ng naaangkop na mga kinakailangan para sa <i>environmental impact mitigation</i>.</p>
<p><b>Panahon ng Konstruksyon</b></p>			
<p>Paghahanda:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>- mobilisasyon ng mga <i>malalaking ekwipo para sa konstruksyon</i></li> <li>- pagtanggap ng halaman</li> <li>- <i>earthworks</i></li> </ul> <p>Pagreporma sa lupa;</p> <p>Konstruksyon ng pasilidad</p> <p>Pagtayo at pagtaga ng mga kagamitan</p>	<p>Pagkagambala ng mga tirahan ng mga nakatirang hayop, paglikas ng mga naiwang hayop</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Unti-unting pagtanggap ng halaman upang mabigyan ng sapat na pagkakataon ang kahayupan na makaalis at makahanap ng kanlungan sa ibang lugar.</li> <li>• Tangallin lamang ang halaman kung saan lamang kailangan</li> <li>• Pagpanunumbalik ng <i>tirahan ng mga ibon at maliit na hayop</i> sa pamamagitan ng pagtatag ng <i>nursery</i> kung saan alagaan ang mga naalis na nabubuhay pa na halaman</li> <li>• Maagang paghahanda ng mga materyales sa pagtatanim sa <i>nursery</i> bago isagawa ang <i>outplanting</i>, para sa pagpapanunumbalik ng <i>habitat</i> o <i>site greening</i>.</li> <li>• Kung maaari, gumamit ng mga katutubong <i>uri ng halaman sa muling pagtatanim sa Planta</i>.</li> </ul>	<p>100% ng mga puno sa proojekt site ay inimbentaryo, at ang pahintulot sa pagputol ng mga puno ay naibigay ng DENR CENRO bago magputol ng mga puno. <i>habitat replacement</i>.</p> <p>Pagpalit ng 100% ng mga apektadong puno sa pamamagitan ng muling pagtatanim ng 50 puno bawat pinutol na <i>punong-gubat na itinanim</i> at 100 puno para sa bawat isang <i>punong-gubat na natural tumubo</i> sa lugar.</p> <p>100% ng kalupaan na hindi kinakailangan para sa mga aktibidad ng industriya ay taniman muli ng puno.</p>
	<p>Produskyon ng basura:</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Maingat na pagplano ng bolyum ng pre-mixed sementtong I deliver at</li> </ul>	<p>Walang kalat mula sa konstruksyon.</p>



**CEMENT GRINDING PROJECT**

1.2 MILLION METRIC TONS PRODUCTION PER YEAR  
AJUY, ILOILO

Gawain	Maaring Epekto sa Kalikasan	Pagaalaga	Layuning Antas ng Pagpaapatupad
	<p>Basura sa konstruksyon</p> <p>Basura sa bahay</p>	<p>pag lalagay neto upang walang labis at tapon.</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Agad na linisin ang mga natapong semento habang basa pa.</li> <li>• Pagbawas ng basura, paghihiwalay ng basura, <i>pag kuha ng mga magagamit pang mga patapon at muling pag gamit ng mga maari pang gamitin.</i></li> <li>• Paggamit ng 5000 metro toneladang sobrang nahukay na lupa para <i>panambak</i> sa magkahiwalay na Bay-ang Coastal Road Project.</li> <li>• Pag-ukol ng hindi bababa sa 200m<sup>2</sup> na <i>stockyard area</i> upang maiayos ang pag tambak ang mga nagamit na materyales na maaaring at gamitin muli.</li> <li>• Isalang-alang ang paghalo ng napiling giniling na plastik sa semento para sa mga <i>pader sangayon sa pamantayan ng DPWH.</i></li> <li>• <i>Pag-babaon ng mga nabubulok</i> na basura upang mag pa taba ng lupa.</li> </ul>	<p>98% ng basura sa konstruksyon ay maayos na naimbak upang madaling mahakot.</p> <p>100% ng mga <i>recyclable/recoverable</i> na materyales ay hiniwalay at itinaon sa tulong ng mga kinikilalang/rehistradong ahente ng <i>materials recovery.</i></p> <p>100% ng mga natitirang walang gamit na basura ay lingguhang hinahakot.</p> <p>100% ng nabubulok na basura ay maayos na nabaon sa lupa upang magamit bilang pataba</p> <p>100% ng mga sobrang ng natanggal na lupa mula sa burol ay nagamit bilang panambak sa konstruksyon.</p>
	T	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Paglagay ng basurahang maaaring pag-alawin sa kusina para sa ligtas at madaling transportasyon ng mga basura patungong <i>compost pit.</i> Sa mga panahong rurok, mahigit-kumulang sa</li> </ul>	<p>100% ng mga nabulok o tirang pagkain ay hahakutin, lilikumin, paghihiwalayin, at gagwing pataba ng luba araw-araw.</p> <p>100% ng mga sisidlna ng pagkain ng hayop ay</p>



**CEMENT GRINDING PROJECT**

1.2 MILLION METRIC TONS PRODUCTION PER YEAR

AJUY, ILOILO

Gawain	Maaring Epekto sa Kalikasan	Pagaalaga	Layuning Antas ng Pagpaapatupad
		<p>1.6 tonelada ang kabuuang pang-araw-araw na dami ng itinatapong gulay.</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Paghihiwalay at ligtas na pag-iipon ng mga tira na hindi hihigit sa 223 kilo bawat oras ng pagkain; ito ay galing sa mga kasosyong kooperataiba para sa mga nangangalaga ng hayop na sumusuporta sa Project Kitchen</li> <li>• Pag-compost ng mga pagkaing nabulok at ibang mga tira.</li> </ul>	<p>didisimpektahin araw-araw.</p> <p>100% ng mga tirang pagkain ay pangasisiwaan at agad na idedespatso sa kasosyong kooperatiba</p>
	Mapanganib na basura	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Paghiwalay ng mapanganib na basura (mga sirang bumbilya, ubos na baterya, basura mula sa klinika, sirang elektronika).</li> <li>• Paglaan ng ligtas at selyadong mga lalagyan para sa bawat uri ng basura.</li> <li>• Paglagay ng mga placard na may mga simbolo na kumakatawan sa iba't ibang uri ng mapanganib na basura (DAO 2004-36).</li> <li>• Pagtago ng mga mapanganib na basura sa ligtas, tuyo, at maaliwalas na barungbarong kung hindi agad madadala sa imbakan.</li> <li>• Ang paghakot ng mapanganib na basura. Ito ay isasagawa ng rehistradong TSD.</li> </ul>	Pagsunod sa patakaran ng DAO 29-92: maayos na pagtago, pangangasiwa, at paghakot ng 100% ng mga mapanganib na basura.
	Wastewater:	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Maglaan ng 9m<sup>3</sup> grease trap na nagdidiskarga</li> </ul>	Maayos na paglikom at pagtapon ng 100% ng



**CEMENT GRINDING PROJECT**

1.2 MILLION METRIC TONS PRODUCTION PER YEAR

AJUY, ILOILO

Gawain	Maaring Epekto sa Kalikasan	Pagaalaga	Layuning Antas ng Pagpaapatupad
	<p><i>Wastewater</i> sa kusina</p> <p><i>Septic waste</i></p>	<p>sa hinukay na <i>ground infiltration basin</i> (na hindi liliit sa 50m<sup>2</sup> x 0.3m).</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Maagang itatakda ang pagtayo ng <i>septic tank</i> ng planta upang magamit ito ng mga tauhan ng konstruksyon, o</li> <li>Paniguraduhing sapat ang kapasidad ng septic tank para sa kalinisan ng mga trabahador sa konstruksyon.</li> </ul>	<p>mga mapanganib na basura</p> <p>100% ng <i>wastewater</i> sa kusina ay dadaloy sa <i>grease separator</i> bago idiskarga sa ihinukay na <i>open bottom receiving pond</i>.</p> <p>100% ng <i>septic waste</i> ay naproseso sa septic tank na sumusunod sa mga pamantayan ng Philippine Plumbing Code.</p>
	<p>Posibleng kontaminasyon ng lupa</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbabawal ng pagdiskarga ng basurang kongkreto sa planta.</li> <li>Pag-iwas sa pagtapon ng langis at <i>lubricant</i> sa pamamagitan ng regular na pangangalaga ng makina, wastong pag-iimbak ng mga gasolina, langis at <i>lubricant</i> sa <i>motor pool</i>.</li> <li>Paggamit ng mga lalagyan at dispenser ng gasolina at <i>lubricant</i> na naaayon sa DOE.</li> <li>Pagpapanatili ng kagamitan sa <i>motor pool</i>, may kasamang <i>oil collection sump</i> at <i>perimeter containment lip</i>.</li> </ul>	<p>Kung may nasiyasat na kontaminasyon ng lupa sa loob ng project site, ito ay may laki na hindi bababa sa 2m<sup>2</sup>, at lalim na hindi hihigit sa 2cm.</p>
	<p>Kompetisyon sa paggamit ng tubig</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Paggamit ng <i>pre-mix</i> na kongkreto na hatid ng mga <i>fitted cement mixer truck</i>. Walang magaganap na</li> </ul>	<p>Walang matatanggap na reklamo ukol sa kumpetisyon sa tubig mula sa lokal na pamahalaan.</p>





**CEMENT GRINDING PROJECT**

1.2 MILLION METRIC TONS PRODUCTION PER YEAR  
AJUY, ILOILO

Gawain	Maaring Epekto sa Kalikasan	Pagaalaga	Layuning Antas ng Pagpaapatupad
		<p>paghalo ng semento sa lokasyon.</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Paggamit ng suplay ng tubig mula sa pinahihintulutang <i>water service provider</i>.</li> <li>• Pagtamo ng permit mula sa NWRB para mapatakbo ang balon.</li> <li>• Konstruksyon ng bubong at <i>downsprout</i> ng pasilidad, na konektado sa kanal o imbakan ng tubig upang makapag-apon tubig-ulan.</li> <li>• Pagtayo ng drainage o imbakan ng tubig-ulan na may kapasidad na 8,035 m<sup>3</sup>.</li> </ul>	<p>Walang mangyayaring <i>groundwater extraction</i> maliban kung pahintulutan ng NWRB.</p>
	<p>Polusyon ng tubig-dagat</p> <p>Paglabo ng tubig-dagat</p> <p>Pagdami ng mga pinagmulan ng langis at grasa</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagtatag ng mga hakbang sa pagkontrol ng <i>silt (perimeter cut-off channel, sapat na mga settling pond)</i> bago ipatupad ang <i>earthworks</i>.</li> <li>• Pagdirekta ng kurso ng <i>storm drainage discharge</i> sa dagat sa pamamagitan ng <i>3-basin series settling pond</i>.</li> <li>• Pag-iskedyul ng mga pangunahing <i>earthworks</i> at <i>slope stabilization</i> tuwing tagtuyot, kung maari.</li> <li>• Pagpapatupad ng pamamaraang "<i>cut-haul-lay-and-tamp</i>" para sa mga gawaing lupa.</li> <li>• Pagtiyak ng katatagan ng <i>slope</i> at ang <i>3% run-off channel</i> na</li> </ul>	<p>Ang mga konsentrasyon ng <i>total suspended solids</i> sa tanggapan ng tupig-dagat, partikular na 50m distansya mula sa mga komunidad ng koral, ay nasa &lt;70 mg/L., 75%.</p> <p>Dapat &lt; 5.0 mg/L., 75% ang mga konsentrasyon ng <i>hydrocarbons</i> sa mga estasyon ng <i>project water quality monitoring</i>.</p>



**CEMENT GRINDING PROJECT**

1.2 MILLION METRIC TONS PRODUCTION PER YEAR  
AJUY, ILOILO

Gawain	Maaring Epekto sa Kalikasan	Pagaalaga	Layuning Antas ng Pagpaapatupad
		<p>probisyon upang maiwasan ang labis na pagsipsip ng lupa sa tubig-lupa sa panahon ng paghuhukay.</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Kagyat na pagtalaga ng mga bukas na espasyo, kabilang ang mga <i>open bench spaces</i>, pagkatapos ng konstruksyon.</li> <li>• Pagbabawal ng paghuhugas ng mga trak sa lugar.</li> <li>• Pagpapanatili ng kagamitan sa awtorisadong lugar, kabilang na rito ang <i>oil collection sump</i>.</li> </ul>	
